

## **Copley Memorial Hospital Patakaran at Pamamaraan**

---

**Pamagat:** Patakaran sa Tulong na Pinansyal/  
Pangangalaga sa Kawanggawa

**May-akda:** Terry Wilson

**Petsa ng Sinimulan:** 06/2016

**Susunod na Petsa ng Pagrerepaso:**  
4/9/2021

---

### **Layunin**

Nakatuon ang Copley Memorial Hospital sa pangangalaga para sa buong komunidad. Upang mapaglingkuran yaong maaaring walang insurance sa kalusugan o ibang paraan upang mabayaran ang kanilang pangangalaga, nag-aalok ang Copley Memorial Hospital ng komprehensibong programa ng Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa para sa mga karapat-dapat na pasyente. Binuo ang Patakarang ito upang tulungan ang mga pasyente/tagapanagot na walang kakayahang pinansyal na matugunan ang pinakamababang bayad na kailangan para sa mga serbisyong ibinigay sa Copley Memorial Hospital at upang magbigay ng mga patnubay para sa aplikasyon sa Tulong na Pinansyal/ Pangangalaga sa kawanggawa at mga proseso ng pag-a-adjust ng balanse.

### **Patakaran**

Magbibigay ang Copley Memorial Hospital ng mga serbisyong medikal nang walang diskriminasyon sa mga indibidwal anuman ang kakayahang magbayad kapag hinihingi ang mga serbisyong medikal at itinuring na medikal na kinakailangan. Magagamit ang Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa ng mga indibidwal na nakatugon sa mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat sa ilalim ng patakarang ito at na nakapagsumite ng kumpletong aplikasyon. Available ang mga kinatawan ng pasyente ng Copley Memorial Hospital upang makipagtulungan sa mga pasyente na suriin ang mga opsyon ng pagbabayad at tukuyin ang pagiging karapat-dapat.

### **Pamamaraan**

#### **Pagiging Karapat-dapat**

- A. Sinumang indibidwal na tumatanggap ng mga serbisyong medikal na kinakailangan sa Copley Memorial Hospital ay isasaalang-alang para sa Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa kapag natugunan ang pagiging karapat-dapat na nakabalangkas sa patakaran na ito. Ibibigay ang patakaran at aplikasyon sa sinumang indibidwal kapag hiniling nang walang pagsasaalang-alang sa lahi, kulay, relihiyon, kasarian, bansang pinagmulan, edad o kapansanan.
- B. Dapat asahan ng mga aplikante na nag-apply para sa Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa ang sumusunod:

1. Upang makumpleto ang aplikasyon sa Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa sa pamamagitan ng pagbibigay ng lahat ng kinakailangang suportang dokumento.
  2. Isumite ang natapos na aplikasyon sa loob ng 240 araw kasunod ng serbisyo.
  3. Makatanggap ng tugon na inaaprubahan o tinatanggi ang aplikasyon nang hindi bababa sa 30 araw bago simulan ang anumang pagkilos na pambihirang koleksyon.
  4. Bagama't maaaring magkakaiba ang mga diskwento sa Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa depende sa uri ng tulong na iniaalok, lahat ng singil para sa mga serbisyong Emergency na Kondisyong Medikal o Medikal na Kinakailangan na ibinibigay sa mga pasyenteng karapat-dapat para sa Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa na may mga antas ng kita na 600% o mas mababa kaysa sa Antas ng Kahirapan ng Pederal ay hindi sisingilin nang higit sa "Mga Halagang Karaniwang Sinisingil."
  5. Kung, sa anumang panahon sa proseso ng pagsusuri ay matuklasan namin na ang isang aplikasyon ay ginawang huwad o ang impormasyon ay kinumpleto nang hindi tumpak, tatanggihan ang aplikasyon sa Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa at sisimulan o ipagpapatuloy ang mga gawaing normal o pambihirang koleksyon, kung kinakailangan.
- C. Ibinibigay ang Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa batay sa kabuuang kita ng pamilya para sa nakalipas na labindalawang (12) buwan at gagamitin upang kalkulahin ang halaga ng diskwento. Mananatiling may bisa ang aplikasyon sa Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa nang 12 buwan bago kailanganin ang bagong aplikasyon.
- D. Gagawin ang pagpapasya ng pagiging karapat-dapat ng aplikante sa lalong madaling panahon sa sandaling maibigay at mapatunayan ang lahat ng kinakailangang impormasyon.
- E. Hindi lahat ng serbisyong medikal ay sakop ng Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa. Halimbawa, maaaring hindi sumali ang iyong doktor o ibang tagapagbigay ng serbisyo na hindi-pang-ospital sa programa ng Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa ng Copley Memorial Hospital.
- F. Ang mga entidad na sakop ng programang ito ay ang: Copley Memorial Hospital, Rush-Copley Family Residency Program at Rush-Copley Hospitalist, LLC.
- G. Kailangang payuhan ng mga pasyente ang Copley Memorial Hospital ng anumang mahalagang pagbabago sa kanilang kondisyong pinansyal sa loob ng tatlumpong (30) araw ng naturang pagbabago.

**Proseso ng aplikasyon:**

1. Maaaring simulan ang Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa ng pasyente, miyembro ng pamilya, doktor at/o mga departamento ng ospital (ibig sabihin, Pangasiwaan, Serbisyong Panlipunan, at Pangangalagang Pastoral). Maaaring simulan ng sinumang miyembro ng kawani ng Tagapayong Pinansyal o Mga Serbisyong Pinansyal sa Pasyente ang paunang aplikasyon at mag-screen sa pagiging karapat-dapat.

2. Hinihingi sa mga aplikante na tapusin at ibalik ang aplikasyon na may lahat ng kailangang suportang dokumento sa isang miyembro ng kawani ng Tagapayong Pinansyal o Mga Serbisyong Pinansyal sa Pasyente sa loob ng 240 araw ng serbisyo.
  3. Nirerepaso at sinusuri ang mga aplikasyon para sa halaga (kung mayroon) ng Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa ng mga Tagapayong Pinansyal at pagkatapos ay ibibigay sa Tagapamahala at Direktor ng Mga Serbisyong Pinansyal sa Pasyente para sa huling pag-apruba. Inilalaan ng Copley Memorial Hospital ang karapatan na patunayan ang mga rekord ng kredito at anumang iba pang mapagkukunan upang patunayan ang kita at mga ari-arian.
  4. Matapos gawin ng Mga Serbisyong Pinansyal sa Pasyente ang huling pagpapasya sa kung gaano kalawak ang ibibigay o hindi ibibigay na Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa, aabisuhan ang pasyente sa pamamagitan ng koreo at ilalapat ang anumang pag-a-adjust sa diskwento sa Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa sa mga natitirang balanse.
  5. Maaaring maaprubahan ang mga aplikante para sa Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa nang maraming beses, hangga't lahat ng kailangang dokumento sa pananalapi ay napatunayan para sa bawat bagong serbisyong tinanggap at ang orihinal o nai-update na mga dokumento sa pananalapi ay hindi mas luma sa apat (4) na buwan mula sa nakaraang pagsusumite.
  6. Kung nagawa ang isang pagpapasya na may kakayahang magbayad ang aplikante para sa mga serbisyo, ang nasabing pagpapasya ay hindi pipigil sa isang muling pagsusuri ng kakayahang magbayad ng aplikante sa hinaharap.
  7. Kabilang sa worksheet ng lahat ng aprubado at tinanggihan na mga aplikasyon, sa pinakamababa, ang halaga ng Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa na ipinagkaloob o tinanggihan at ang mga dahilan.
  8. Pinanatili nang pitong (7) taon ang mga aprubadong kahilingan na Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa at mga suportang dokumento.
- H. Kailangan ang pagpapatunay ng impormasyon na nilalaman ng aplikasyon. Gagamitin ang mga sumusunod na dokumento, kung naaangkop, upang patunayan ang kita at mga ari-arian. Rerepasuhin ang bawat aplikasyon batay sa indibidwal na mga pangyayari sa panahon ng aplikasyon at maaaring mangailangan ng karagdagang impormasyon. Dapat ay walang impormasyon na mas luma sa apat (4) na buwan mula sa pagtanggap at dapat ipaalam ng aplikante sa ospital ang anumang mahalagang pagbabago sa kanilang pinansyal na kondisyon sa loob ng tatlumpong (30) araw ng naturang pagbabago.
1. Wastong ID na may Litrato na Ibinigay ng Gobyerno: Lisensya sa Pagmamaneho, Pasaporte, o ID na ibinigay ng gobyerno.
  2. Pinakahuli o pinakabagong taon na income tax return (1040,1040EZ) na may nakalakip na lahat na W-2 form at iskedyul.
  3. Dalawang pinakabagong paycheck o stub ng tseke ng kawalan ng trabaho o nakasulat na pahayag ng mga kita mula sa iyong employer para sa nakaraang dalawang (2) buwan.

4. Mga dokumentong nag-aaprubang o tumatanggi sa Kabayaran sa Kawalan ng Trabaho o Kabayaran ng Manggagawa (kung angkop) o tulong mula sa Department of Public Aid (Departamento ng Pamublikong Tulong).
  5. Pahayag ng buwanang mga benepisyo mula sa Social Security o pagtanggap sa mga benepisyo (kung angkop).
  6. Lahat ng statement at account ng mga kita sa checking, savings at/o pamumuhunan para sa nakaraang dalawang (2) buwan.
  7. Isang kasalukuyang kopya ng card ng Illinois Department of Public Aid o pagtatapos o pagiging karapat-dapat para sa reimbursement sa ilalim ng programa ng Section 1011 ng Department of Health and Human Services.
  8. Para sa anumang nawawalang dokumento, mga sulat na room and board na nagbibigay ng suportang dokumento at/o nawawala/hindi kumpletong sulat ng katayuan na dinidetalye ang (mga) dahilan kung bakit hindi naibigay ang anumang dokumento, kinakailangang kumpletuhin ang mga dokumentong ito at lagdaan ng aplikante o ng kanilang itinalaga.
  9. Dapat lagdaan ng aplikante o itinalaga ang aplikasyon sa Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa na pinapatunayan na ang lahat ng nilalamang impormasyon ay tumpak at matapat at na ang aplikante ay nag-a-apply para sa Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa sa ilalim ng patakaran na ito.
  10. Para sa mga aplikanteng patay na, walang nabubuhay na asawa at walang bukas na ari-arian, sinumang miyembro ng pamilya o kinatawan ng ospital ay maaaring kumpletuhin ang aplikasyon sa Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa sa ngalan ng namatay na pasyente.
- I. I-update ang mga patnubay ng kita para sa Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa anumang oras na ilimbag ang mga pagbabago sa Mga Patnubay ng Kahirapan ng Pederal sa Federal Register.
  - J. Kailangang mag-apply ang aplikante para sa iba pang programa ng pamublikong tulong bago ang pagsasaalang-alang para sa Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa. Magagamit lang ang pag-a-adjust sa diskwento sa Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa ng mga indibidwal na nakaubos ng lahat ng ibang anyo ng pagbabayad ng ikatlong partido, na maaaring kabilang ang mga aplikasyon sa Medicare, Health Insurance Exchange, iba pang pananagutan ng ikatlong partido, coverage ng Workman's Compensation, SCHIP, Illinois Public Aid, o anumang iba pang pamublikong programa batay sa kanilang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat, at na nagbigay ng dokumento ng kanilang kawalang-kakayahang magbayad.
  - K. Hindi aaprubahan ang Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa hangga't hindi natatanggap ang lahat ng angkop na pagbabayad ng ikatlong partido at ilalapat lamang sa mga personal na balanse matapos na mai-post ang lahat na naturang pagbabayad. Hindi dapat lumampas sa natitirang balanse ng pasyente ang mga aprubadong halaga.

- L. Hindi magagamit o ilalapat ang Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa sa anumang serbisyo na hindi karaniwang sinasakop sa ilalim ng programa ng Medicare bilang medikal na kinakailangang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga benepisyaryo. Hindi rin nalalapat ang Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa sa anumang serbisyong hindi medikal na kinakailangan gaya ng mga serbisyong pinili, kosmetiko o hindi medikal tulad ng panlipunan o bokasyonal, maliban sa nakatala sa ibaba.
- M. Maaaring repasuhin sa anumang oras ang mga account ng pasyente na nagpatuloy sa proseso ng koleksyon. Kung matukoy na mayroong sapat na impormasyon ng aplikante na magagamit upang matugunan ang mga patnubay sa kita, maaaring ipagkaloob ang Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa batay sa kung ano ang kilala at napatunayang impormasyon.
- N. Bago gumawa ng mga pagkilos na pambihirang koleksyon, gagawa ang Copley Memorial Hospital ng makatwirang pagsisikap upang tukuyin kung ang aplikante ay karapat-dapat para sa Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa. Binibigyan ang mga aplikante ng 120 araw man lang mula sa petsa ng unang mga statement ng pagsingil pagkatapos ng paglabas upang magsumite ng aplikasyon para sa pagrerepaso bago maganap ang anumang gawain ng mga pambihirang koleksyon.
- O. Matapos matanggap ang isang tapos na aplikasyon, gagawin ang pagpapasya ng pagiging karapat-dapat ng aplikante sa lalong madaling panahon, kung tapos ang aplikasyon, ipinapahintulot ang 30 araw man lang upang bigyan ang aplikante ng nakasulat na abiso ng pagpapasya at bago simulan ang anumang pagkilos ng pambihirang koleksyon.
- P. Hindi ibabalik ng Copley Memorial Hospital ang anumang dating bayad sa mga account sa sandaling aprubahan ang isang aplikasyon sa Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa kung ginawa ang mga pagbabayad bago matapos ang aplikasyon.

### **Mga Kinakailangan sa Paninirahan**

1. Ang mga aplikante na nakatanggap ng mga medikal na kinakailangang serbisyo at mga: a) legal na residente ng Illinois o, b) hindi mga legal na residente ng Illinois ngunit naninirahan sa Illinois at binabalak na manatili at hindi lumipat para lang sa layuning makatanggap ng pangangalagang pangkalusugan, ay kwalipikadong makatanggap ng Tulong Pinansyal/Pangangalagang Pangkawanggawa. Walang kinakailangan sa paninirahan para sa sinumang pasyente na nakakatanggap ng mga serbisyong pangangalaga kapag may emergency.
2. Maliban sa sinumang aplikanteng nakakatanggap ng mga serbisyong pangangalaga kapag may emergency, ang mga aplikanteng hindi legal na residente ng Illinois at hindi naninirahan sa Illinois at binabalak na manatili, o lumipat dito para lang sa layuning makatanggap ng pangangalagang pangkalusugan, ay hindi kwalipikadong makatanggap ng Tulong Pinansyal/Pangangalagang Pangkawanggawa.

### **Mapagpalagay na Pagiging Karapat-dapat**

Sinumang aplikante na nakakatugon sa mga kinakailangan at pamantayan sa ibaba ay ipinapalagay na karapat-dapat para sa Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa.

Hindi kailangang tapusin ng mga aplikante na ipinapalagay na karapat-dapat ang aplikasyon sa Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa; kung, gayunpaman, nagbigay sila ng katibayan na natugunan nila ang mga kinakailangan na nakalista sa ibaba.

### **Mga Kinakailangan sa Pagiging Karapat-dapat para sa 100% Pag-a-adjust ng Diskwento**

1. Walang Bahay ang Aplikante;
2. Patay na walang ari-arian;
3. Kawalan ng kakayahan sa pag-iisip na walang sinumang kikilos sa ngalan ng pasyente;
4. Pagiging karapat-dapat sa Medicaid, ngunit hindi sa petsa ng serbisyo o para sa mga serbisyong hindi sakop;
5. Pagkakakulong sa isang institusyong penal;
6. Pagpapatala sa isa sa mga sumusunod na programang tulong para sa mga indibidwal na may mababang kita na may pamantayan ng pagiging karapat-dapat na o mababa sa 200% ng dating kasalukuyang mga patnubay ng Kita ng Mahirap ng Pederal:
  - a. Women, Infants and Children Nutrition Program (Programang sa Nutrisyon ng Mga Kababaihan, Sanggol at Bata, WIC)
  - b. Supplemental Nutrition Assistance Program (Programang Tulong sa Karagdagang Nutrisyon, SNAP)
  - c. Programang Libreng Tanghalian at Agahan sa Illinois;
  - d. Low Income Home Energy Assistance Program (Programang Tulong na Enerhiya sa Bahay para sa Mababa ang Kita, LIHEAP);
  - e. Temporary Assistance for Needy Families (Pansamanatalang Tulong para sa Mga Pamilyang Nangangailangan, TANF); o
  - f. Pagpapatala sa isang organisadong programa na nakabatay sa komunidad na nagbibigay ng access sa pangangalagang medikal na nagsusuri at nagdodokumento sa katayuang pinansyal na limitadong mababang kita bilang isang pamantayan para sa pagiging miyembro

### **Proseso ng Aplikasyon para sa Diskwento:**

Nagbibigay ang Copley Memorial Hospital ng mga diskwento sa Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa sa mga aplikante ayon sa sumusunod sa ilalim ng patakarang ito.

### **Mga Serbisyo**

- a. Maliban sa ibinibigay sa seksyon, sa ibaba, magagamit ang Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa sa mga aplikante para sa lahat ng serbisyong Medikal na Kinakailangan at mga serbisyong pangangalaga na pang-emergency.
- b. Hindi magagamit ang Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa sa mga aplikante para sa mga sumusunod na serbisyo: Mga serbisyong Pinili/Hindi Medikal na Kinakailangan, mga serbisyong wala sa network, Mga Serbisyong May Presyong Nakapakete na Babayaran ng Sarili, o anumang deductible maliban kung hindi karapat-dapat ang pasyente para sa Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa.

## **Pagkalkula ng Diskwento**

Nagbibigay ang Copley Memorial Hospital ng Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa ng mga diskwento sa mga karapat-dapat na nakaseguro at hindi nakaseguroong pasyente gamit ang dalawang pamamaraan: (1) ang sliding scale ng nakaseguro, o (2) tulong sa sakuna. Kung karapat-dapat ang pasyente sa parehong pamamaraan, ilalapat ng Copley Memorial Hospital ang pamamaraan na pinakakapaki-pakinabang sa pasyente. Para sa lahat ng aplikasyon, dapat magbigay ang aplikante ng impormasyon ng ari-arian upang matukoy kung ang mga ari-ariang iyon ay lalampas sa 600% ng dating kasalukuyang Mga Patnubay sa Kahirapan ng Pederal.

### **Sliding Scale ng Diskwento ng Nakaseguro**

Kinakalkula ang mga diskwento sa ilalim ng sliding fee scale ng nakaseguro ayon sa sumusunod:

1. Karapat-dapat para sa 100% diskwento ang mga Legal na Residente sa Illinois na may Kita ng Sambahayan na 200% o mas mababa sa kasalukuyang Mga Patnubay sa Kahirapan ng Pederal. Ilalapat ang diskwento sa coinsurance at mga deductible pati na rin ang mga serbisyong medikal na kinakailangan na hindi sakop ng insurance.
2. Karapat-dapat ang mga Legal na Residente sa Illinois na may Kita ng Sambahayan na higit sa 200%, ngunit mas mababa sa o katumbas ng 600% ng kasalukuyang Mga Patnubay sa Kahirapan ng Pederal para sa diskwento na katumbas ng diskwento na "Halagang Karaniwang Sinisingil" para sa mga serbisyong medikal na kinakailangan na hindi sakop ng insurance.

### **Pagkalkula ng Diskwento ng Hindi Nakaseguro**

Magbibigay ang Copley Memorial Hospital ng Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa sa mga pasyenteng hindi nakaseguro alinsunod sa Batas ng Diskwento sa Pasyenteng Hindi Nakaseguro ng Ospital sa Illinois.

1. Karapat-dapat para sa 100% diskwento ang mga Legal na Residente sa Illinois na may Kita ng Sambahayan na 200% o mas mababa sa kasalukuyang Mga Patnubay sa Kahirapan ng Pederal.
2. Karapat-dapat ang mga Legal na Residente sa Illinois na may Kita ng Sambahayan na mahigit sa 200%, ngunit mababa sa o katumbas ng 600% ng kasalukuyang Mga Patnubay sa Kahirapan ng Pederal para sa diskwento na kinalkula batay sa gastos sa ratio ng singil na tinanggap mula sa Estado ng Illinois, na nagmula sa Worksheet C, Part I ng pinakabagong nai-file na Ulat ng Gastos ng Medicare. Ang ibig sabihin ng factor na diskwento ng hindi nakaseguro ay at kinakalkula bilang 1.0 binawasan ng product ng gastos ng ospital sa charge ratio na nai-multiply sa 1.35.

### **Diskwento sa Sakuna**

1. Para sa mga aplikante na may Kita ng Sambahayan na mahigit sa 200%, ngunit mababa sa o katumbas ng 600% ng kasalukuyang Mga Patnubay sa Kahirapan ng

Federal, ang kabuuang bayad ay hindi dapat lalampas sa 25% ng Kita ng Sambahayan ng aplikante sa panahon ng anumang labindalawang buwan.

2. Kinakalkula ang Diskwento sa mga Pangangailangan sa Sakuna sa susunod na halimbawa: Upang maging kwalipikado, mas mataas ang utang kaysa sa kita sa isang panahon na 12-buwan; ang diskwento ay katumbas ng kabuuang singil, binawasan ng 25% ng antas ng kita.

Singil na Responsibilidad ng Aplikante (12 buwan)	\$220,000
Taunang Kita (12 buwan)	\$200,000
25% Kita/Responsibilidad ng Pamilya ng Aplikante	<u>\$50,000</u>
<u>Halaga ng diskwento</u>	<u>\$170,000</u>

### **Mga Kalakip:**

Mga Patnubay sa Kahirapan ng Federal ayon sa Laki ng Pamilya  
Rate ng Diskwento sa Gastos sa Charge Ratio  
Rate ng Diskwento sa Mga Halagang Karaniwang Sinisingil

### **Mga Pakahulugan**

#### ***Mga Halagang Karaniwang Sinisingil/Diskwento sa Mga Halagang Karaniwang Sinisingil:***

Ang diskwontong kinakailangan upang matiyak na ang mga singil para sa pangangalaga para sa mga Medikal na Kondisyon na Emergency o ibang pangangalaga na Medikal na Kinakailangan na ibinigay sa pagpapatingin ng isang outpatient o pananatili ng inpatient sa mga indibidwal na karapat-dapat para sa Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa sa ilalim ng patakarang ito ay hindi mahigit sa mga halagang karaniwang sinisingil sa mga indibidwal na may Medicare o komersyal na insurance na sinasakop ang naturang pangangalaga ("Mga Halagang Karaniwang Sinisingil"). Dapat ay alinsunod sa batas ang pagkalkula ng Diskwento sa Halagang Karaniwang Sinisingil batay sa pamamaraan na pagsusuring muli.

***Aplikante:*** Ang Aplikante ay ang taong nagsusumite ng Aplikasyon para sa Tulong na Pinansyal, kabilang ang Pasyente at/o ang Tagapanagot ng Pasyente.

***Aplikasyon:*** Isang Aplikasyon sa Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa.

***Panahon ng Aplikasyon:*** Ang panahon na kung kailan dapat tanggapin at iproseso ng Copley Memorial Hospital ang isang Aplikasyon na isinumite ng isang indibidwal upang maisagawa ang mga makatwirang pagsisikap na tukuyin kung karapat-dapat ang indibidwal para sa Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa. Nagsisimula ang Panahon ng Aplikasyon sa petsa na ibinigay ang pangangalaga sa indibidwal at nagtatapos sa ika-240 araw pagkatapos ng petsa ng unang statement ng singil pagkatapos ang paglabas sa ospital.

***(Mga) Bayaring Sinisingil:*** Mga kabayaran na sinisingil para sa isang serbisyo batay sa umiiral na charge master sa panahon ng serbisyo bago ang paglalapat ng anumang mga pataan, diskwento, o pagbabawas na ayon sa kontrata.

***Diskwento sa Gastos-ng-Pangangalaga:*** Ang diskwento na katumbas ng halagang iyon na kinakalkula sa pamamagitan ng pag-multiply sa kabuuang cost-to-charge ratio mula sa ulat ng



gastos ng Medicare ng Ospital sa mga singil sa mga account na kinilala bilang kwalipikado para sa Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa. Sa kabila ng nabanggit, maaaring magtatag ang Copley Memorial Hospital, para sa kagaanan sa pangangasiwa, ng iisang Diskwento sa Gastos-ng-Pangangalaga na pinakakapaki-pakinabang sa Pasyente. Ang Diskwento sa Gastos-ng-Pangangalaga ay katumbas ng o mas malaki sa Diskwento sa Halagang Karaniwang Sinisingil.

***Pangangalagang May Diskwento:*** Pangangalagang ibinibigay na mababa sa Bayaring Sinisingil bukod sa Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa. Kabilang sa mga diskwento ang Diskwento sa Gastos-ng-Pangangalaga at ang Diskwento sa Halagang Karaniwang Sinisingil.

***Kondisyong Medikal na Emergency:*** Ang Kondisyong Medikal na Emergency ay dapat na ayon sa tinukoy sa Seksyon 1867 ng Social Security Act (42 U.S.C 1395dd).

***Mga Serbisyong Emergency:*** Kabilang sa Serbisyong Emergency ang mga serbisyong tinanggap sa pamamagitan ng Departamento ng Emergency para sa Mga Kondisyong Medikal na Emergency, o iba pang serbisyong tinukoy at nakasaad sa isang appendix ng patakarang ito.

***Pagkilos na Pambihirang Koleksyon:*** Ang mga pagkilos na maaaring gawin ng Copley Memorial Hospital laban sa isang indibidwal na may kaugnayan sa pagkuha ng buong kabayaran para sa isang pagsingil na sakop sa ilalim ng Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa. Maaaring kabilang sa mga pagsisikap na ito ang pangangailangan sa kabayaran para sa dating naibigay na pangangalaga at/o paglalagay ng prenda sa ari-arian ng pasyente.

***Laki ng Pamilya:*** Ang bilang ng mga indibidwal na nakalista sa "Katayuan ng Pag-file" sa pinakabagong tax return ng Aplikante. Kung walang available na tax return, ang Laki ng Pamilya ay ang bilang ng indibidwal na nakatira sa sambahayan ng Aplikante. Kung ang isa pang indibidwal ay nag-claim sa Aplikante bilang isang dependent sa tax return ng indibidwal, maaaring kabilang sa Laki ng Pamilya ang mga miyembro ng sambahayan ng indibidwal na nagki-claim ng pagiging dependent.

***(Mga) Patnubay sa Kahirapan ng Pederal:*** Ina-update ang Mga Patnubay sa Kahirapan ng Pederal nang pana-panahon sa Federal Register ng United States Department of Health and Human Services sa ilalim ng awtoridad ng 42 USC 9902(2). Ang mga patnubay ay nakalakup sa isang hiwalay na talahanayan at ia-adjust nang taunan kasunod ng paglalabas ng update sa mga patnubay sa kahirapan sa Federal Register at sa website ng U.S. Department of Health and Human Services.

***Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa:*** Mga halagang ibinibigay sa mga pasyente na tumutugon sa pamantayan para sa Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa sa ilalim ng iba't ibang programa, na hindi makabayad para sa lahat o bahagi ng kanilang mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan.

***Tagapanagot:*** Ang indibidwal na responsable sa pananalapi para sa mga serbisyong ipinagkaloob sa isang pasyente.

***Kita ng Sambahayan:*** Kita na maiuugnay sa sambahayan ng Aplikante batay sa pakahulugan na ginamit ng U.S. Bureau of the Census. Kabilang sa Kita ng Sambahayan ang lahat ng kita bago ang buwis, kabayaran sa kawalan ng trabaho, kabayaran sa manggagawa, Social

Security, Supplemental Security Income, mga pagbabayad sa pampublikong tulong, mga pagbabayad ng beterano, mga benepisyong ng naiwan, kita sa pensyon o pagreretiro, interest, mga dibidendo, renta, royalty, kita mula sa mga ari-arian, trust, tulong sa edukasyon, sustento, tulong mula sa labas ng sambahayan, at iba pang sari-saring mapagkukunan. Hindi itinuturing na Kita ng Sambahayan ang mga benepisyong hindi cash (tulad ng SNAP at mga tulong na salapi sa pabahay).

Kung ipinahiwatig ng Aplikante na ang ini-adjust na kabuuang kita na nakalista sa pinakabagong tax return ng aplikante ay hindi tumpak (hal., hindi na nagtatrabaho ang Aplikante o binabayaran ng ibang halaga), kakalkulahin ang Kita ng Sambahayan batay sa ibang magagamit na dokumento (hal., mga pay stub, pahayag ng kawalan ng trabaho, atbp.). Kabilang sa Kita ng Sambahayan ang kita ng lahat ng miyembro ng sambahayan.

**Residente ng Illinois:** Ang isang Residente ng Illinois ay isang pasyente na nakatira sa Illinois at na naglalayong manatiling manirahan sa Illinois nang walang katiyakan. Ang paglipat sa Illinois para lamang sa layunin ng pagtanggap ng mga benepisyong pangangalagang pangkalusugan ay hindi tumutugon sa kinakailangan ng paninirahan sa ilalim ng Illinois Hospital Uninsured Patient Discount Act (Batas sa Diskwento ng Pasyenteng Hindi Nakaseguro ng Ospital sa Illinois, "HUPDA"). Kinakailangan ng HUPDA na ang Pasyenteng Hindi Nakaseguro ay residente ng Illinois, ngunit *hindi* kinakailangan na ang Pasyente ay legal na nakatira sa Estados Unidos. Maaaring kailanganin ang mga pasyente na magbigay ng katibayan ng paninirahan sa Illinois gaya ng ibinigay sa ilalim ng HUPDA. Ang paglipat sa Illinois para lamang sa layunin ng pagtanggap ng mga benepisyong pangangalagang pangkalusugan ay hindi tumutugon sa kinakailangan ng paninirahan sa ilalim ng pakahulugan na ito.

**Pasyenteng Nakaseguro:** Isang pasyenteng sakop sa ilalim ng patakaran ng insurance sa kalusugan o isang benepisyaryo sa ilalim ng pampubliko o pribadong insurance sa kalusugan, benepisyong sa kalusugan, o ibang programa sa coverage sa kalusugan, kabilang ang mga plano ng insurance sa kalusugan na mataas ang deductible, kabayaran sa manggagawa, insurance sa pananagutan sa aksidente, o ibang pananagutan ng ikatlong partido.

**Legal na Residente ng Illinois:** Ang Legal na Residente sa Illinois ay isang pasyente na legal na naninirahan sa Estados Unidos *at* na ang kanyang pangunahing paninirahan ay sa estado ng Illinois. Tungkol sa mga dayuhang mamamayan, kabilang sa "legal na naninirahan" ang mga indibidwal na may mga kasalukuyang visa at mga permanenteng residente at pansamantalang manggagawa. Hindi kabilang sa "legal na naninirahan" ang mga dayuhang mamamayan na may mga visitor o student visa. Ang paglipat sa Illinois para lamang sa layunin ng pagtanggap ng mga benepisyong pangangalagang pangkalusugan ay hindi tumutugon sa kinakailangan ng paninirahan sa ilalim ng pakahulugan na ito.

**Medikal na Kinakailangan:** Anumang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na inpatient o outpatient, kabilang ang mga gamot o supply, na sakop sa ilalim ng Title XVIII ng Social Security Act ng pederal para sa mga benepisyaryo na may parehong klinikal na presentasyon gaya ng pasyente. Hindi kabilang sa serbisyong "Medikal na Kinakailangan" ang alinman sa sumusunod: (1) mga serbisyong hindi medikal tulad ng mga serbisyong panlipunan at bokasyonal; o (2) piniling operasyong kosmetiko, ngunit hindi plastic surgery na dinisenyo upang itama ang pagkasira ng anyo sanhi ng pinsala, sakit o depekto o kapinsalaan ng katawan sapul sa pagkabata.

**Hindi Residente:** Ang Hindi Residente ay isang pasyente na hindi isang Legal na Residente sa Illinois ni isang Residente sa Illinois.

**Pasyente:** Ang indibidwal na tumatanggap ng mga serbisyo.

**Buod ng Simpleng Wika:** Isang nakasulat na pahayag na maliwanag, maigsi, at madaling maunawaan na inaabisuhan ang isang indibidwal na nag-aalok ang Copley Memorial Hospital ng Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa at nagbibigay ng sumusunod na impormasyon: (i) maikling paglalarawan ng mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat at tulong na iniaalok sa ilalim ng patakarang ito; (ii) isang maikling buod ng kung paano mag-apply para sa tulong sa ilalim ng patakarang ito; (iii) isang direktang listahan ng website address o URL at mga pisikal na lokasyon na kung saan maaaring makuha ang kopya ng patakarang ito at Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa; (iv) mga tagubilin sa kung paano makakakuha ng libreng kopya ng Patakarang at Aplikasyon sa Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa sa pamamagitan ng koreo; (v) impormasyon ng contact (kabilang ang mga numero ng telepono at pisikal na lokasyon, kung naaangkop) ng mga opisina o departamento na maaaring magbigay sa isang indibidwal ng tulong sa proseso ng aplikasyon; (vi) pagiging magagamit ng mga pagsasaling-wika; at (vii) isang pahayag na walang karapat-dapat na pasyente sa Tulong Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa ang sisingilin ng higit sa mga Halagang Karaniwang Sinisingil.

**Mga Serbisyong Nakapaketeng Presyo na Binabayaran ng Sarili:** Maramihang serbisyo na iniaalok para sa iisang presyo na may diskwento na ang iisang presyo ay mababa sa kabuuang presyo para sa lahat ng indibidwal na serbisyo na bumubuo ng pakete ng mga serbisyo.

**Pasyenteng Hindi Nakaseguro:** Isang Pasyente na hindi sakop sa ilalim ng patakarang insurance sa kalusugan o na hindi isang benepisyaryo sa ilalim ng pampubliko o pribadong insurance sa kalusugan, benepisyaryo sa kalusugan, o ibang programa sa coverage sa kalusugan, kabilang ang mga plano ng insurance sa kalusugan na mataas ang deductible, kabayaran sa manggagawa, insurance sa pananagutan sa aksidente, o ibang pananagutan ng ikatlong partido.